

ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 22  
Nobyembre 21, 2004  
[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

*Editoryal*

## Ituon ang makauring galit sa rebolusyonaryong pagbabagsak sa mga nagsasamantalang uri at buong naghaharing sistema

**I**lang dekada nang nakatanim ang poot sa dibdib ng mga manggagawa, magsasaka at manggagawang bukid sa Hacienda Luisita at Central Azucarera de Tarlac. Bunga ito ng ilang dekada na nilang

dinaranas na kaapihan at pagsasamalta sa kamay ng malaking panginoong maylupa at burges kumprador na angkang Cojuangco.

Masidhing makauring galit ang sumasaklot sa kalooban ng mga biktima ng malagrim na masaker sa Hacienda Luisita. Abot-langit ang kanilang pagsigaw ng katarungan sa walang awang pamamaril ng mga pasistang tropa sa welga at demonstrasyon ng mga manggagawa at manggagawang bukid sa Central Azucarera de Tarlac at pagmasaker sa aabot sa 14 na magsasaka at manggagawang bukid



**Mga tampok sa  
isyung ito...**

**Sigaw sa Hacienda  
Luisita**

PAHINA 3

**Ika-40 anibersaryo  
ng KM**

PAHINA 5-8

**Bukas na liham ni Ka  
Roger sa mga sundalo  
at pulis**

PAHINA 9

nitong Nobyembre 16.

Ang Hacienda Luisita ay laranwan ng di mapasusubaliang kawalang-hustisa. Habang nakatira sa magarang mansyon at nasusunod lahat ng luho ng pamilyang Cojuangco, ang mga magsasaka at manggagawang bukid na naglilinan at nagpapayaman ng lupa ay nagsisiksikan sa maliliit na barangbarong at nagtitiis sa kakarapot na sahod. Sa patuloy na pagpapalit-gamit ng lupa sa loob ng asyenda, ni hindi sila nakasisiguro na ang maliliit na loteng kinatirikan ng kanilang mga dampa ay mananatili pa sa kanila.

Di hamak na mas maalwan ang buhay ng mga kabayo ni Peping Cojuangco na nakatira sa mga kwadrang de-aircon. Sa katunayan, di hamak na mas malaki ang halaga ng pampaligong *shampoo* ng mga kabayong ito kumpara sa ₱9.50 *take-home pay* bawat araw ng mga manggagawang bukid sa asyenda.

Ito ang kamuhi-muhing kala-gayan na ninais panatilihin ng mga Cojuangco nang balangkasin nila ang pakanang *stock distribution option* o SDO noong 1987. Ang SDO ay isang iskema upang

samantalahan ang mga butas ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) na pinasimulan ng reaksyunaryong rehimeng Corazon Cojuangco Aquino, isa sa mga nagmamay-ari ng Hacienda Luisita. Sa pamamagitan nito, ang asyenda ay hindi napailalim sa reforma sa lupa. Ang malabnaw at huwad na ngang CARL ay lalo pang pinalabnaw at ginawang katawata ng pakangan pagpapamudmod ng mga walang halang sapi sa mga magsasaka at pagpapalabas na kabilang sila sa mga nagmamay-ari sa asyenda.

Kung noon ay malinaw na ang pagtatanggol ng estado sa makauring paghahari ng mga panginoong maylupa at burges kumprador, lalo itong tumambad sa masaker sa Luisita nang lantarang gamitin ng estado ang mga armadong pwersa nito para dahasin at duru-

gin ang makatarungang pagkilos ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda. Bago ito, walang kaabug-abog na ipinatigil ng estado ang welga sa asyenda, sa pamamagitan ng isang kautusan mula sa Department of Labor and Employment. Katumbas ito ng pag-uutos sa mga manggagawa na

isuko ang kani-lang laban at maging sunud-sunuran sa anumang naisin ng mga Cojuangco.

Muling pinatunayan ng masaker sa Luisita na kailangan ay hindi kusang bibitawan ng mga nagsasamantala ng naghaharing uring ma-

laking panginoong maylupa at malaking burges kumprador ang hawak nilang poder at pribilehiyo; na ang estado at mga galamay nito ay pawang mga kasangkapan ng mga naghaharing uri at hindi kaibigan kundi kaaway ng uring manggagawa at magsasaka; at na lantarang dasas ang tugon ng estado at naghaharing uri sa mamayang ayaw nang magpalinlang.

Sa paggamit ng kontra-revolutionaryong armadong karahasan, tuwirang inuudyukan ng reaksyunaryong estado ang mamamayan na isulong at paigtingin ang kani-lang armadong revolutionayong paglaban.

Ang nabuong makauring poot sa dibdib di lamang ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa Hacienda Luisita kundi sa buong kapuluan ay nararapat ituon sa revolutionayong pagbabagsak sa kanilang mga kaaway sa uri at sa buong naghaharing sistema.

AB

## Nilalaman

### Editoryal

Pagbabagsak sa mga kaaway sa uri at buong naghaharing sistema 1  
Sigaw sa Hacienda Luisita 3

### Mga ulat koresponsal

Depensiba sa Tarlac, naipihit tungong taktikal na tagumpay 4

### Anibersaryo ng KM

40 taon ng KM 5

Mga aral, tagumpay sa pagbubuo ng mga balangay ng KM 6

Liham para sa mga sundalo, pulis 9  
10 punto ng pagkilos 9

Sagot sa krisis: Rebolusyon at sosyalistang konstruksyon 10

Balita 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Di kami uurong


**D**i dahil namatayan, uurong na kami. Katarungan para sa mga martir ng Hacienda Luisita. Ibasura ang *stock distribution option* (SDO), lupa para sa mga nagbubungkals.

Ito ang isinisigaw ng mga manggagawa, magsasaka at manggagawang bukid ng Central Azucarera de Tarlac (CAT) noong Nobyembre 18 habang nagpuprusisyon pasan-pasan ang mga kabaong ng mga biktima ng masaker sa Hacienda Luisita.

Abot-langit ang kanilang sigaw para sa katarungan para sa 14 na biktima ng masaker, kabilang ang dalawang paslit na edad 2 at 5. Mula sa pangunahing lansangan ng Tarlac City, nagmartsa ang 3,000 manggagawa, magsasaka, mga kamag-anak ng mga biktima at mga kasapi ng mga militanteng organisasyon at ng partidong Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela. Nagmartsa sila sa harap ng himpilan ng Northern Luzon Command (Nolcom) sa Barangay San Vicente bago tumuloy sa tarangkahang ng asukarera at bawiin ang piketlayn doon.

## Welga sa CAT

Ang masaker sa Hacienda Luisita ay despe-



Noong Nobyembre 10, sa kahilingan ng mga Cojuangco, naglabas ang rehimeng Arroyo sa pa-

radong pagtatangkang buwagin ang welga ng mga manggagawang pinangunahan ng CAT Labor Union (CATLU) at ng United Luisita Workers Union (ULWU). Nagsimula ang welga noong Nobyembre 6.

Makatarungan ang kahilingan ng mga manggagawa ng CAT. Kabilang dito ang kanilang kahilingang itaas ang sahod ng mga manggagawa at manggagawang bukid. Mas mababa pa sa minimum na sahod ang kinikita ng mga manggagawa sa CAT. Ipinaglalaban din nila ang pagbabalik sa trabaho ng 327 kasa-pi at upisyal ng ULWU na iligal na tinanggal sa trabaho nitong Nobyembre. Isinisigaw din ng mga manggagawa ang pagbabasura sa mapanlinlang na *stock distribution option* at ang pagpapatupad sa tunay na reforma sa lupa.

Bumagsak ang negosasyon sa pagitan ng mga manggagawa at ng maneydsment dahil sa pagbibingbingihan ng mga Cojuangco sa kahilingan ng mga manggagawa. Ito ang dahilan kung bakit puspusan ang determinasyon ng mga manggagawa na ipagpatuloy ang welga.

Desperado ang mga Cojuangco na buwagin ang welga sa harap ng P5 milyon araw-araw na pagkalugi ng CAT dahil sa pagtigil o pagbagal ng operasyon nito. Gamit ang mga pulis, sundalo at mga baybarang maton ng mga Cojuangco, apat na beses nang sinalakay ang piketlayn ng mga manggagawa mulalang magsisimula ang welga.

mamagitan ng Department of Labor and Employment ng kautusan para itigil ang welga.

## Masaker sa Hacienda Luisita

Pagsapit ng Nobyembre 16, aabot sa isang libong armadong pulis at sundalo, dalawang *armored personnel carrier* (APC) at ilang trak ng bombero ang sumalakay sa barikada ng 6,000 manggagawa, manggawang bukid at kanilang mga tagasuporta sa *compound* ng Central Azucarera de Tarlac bandang 3:30 ng hapon.

Ginamit ang dalawang APC upang wasakin ang Gate 1 ng asukarera. Subalit nakapanindigan ang mga welgista at demonstrador. Sa pamamagitan ng mga sigaw at kapit-bisig na pagmamartsa, naitaboy nila ang mga pulis at sundalo.

Tinirgas sila ng mga pasistang pulis at sundalo at binomba ng tubig. Inagaw ng mga pulis at militar ang kontrol sa tarangkahang. Sa hangaring muling itindig ang kanilang piketlayn, muling nag-organisa ang mga manggagawa at nagmartsa. Upang ganap na wasakin hindi lamang ang welga kundi ang paninindigan ng mga manggagawa, walang pakundangang pinagbababaril ng mga sundalo at pulis ang di-armadong mga welgista.

Ayon sa mga manggagawa, may mga isnayper na nakapwesto sa mga bubong ng pabrika at sa tubuhan. Pito sa mga welgista at demonstrador ang kaagad tumimbwang. Matapos ang isang araw, umabot na sa 14 ang bilang ng namatay. Posibleng madagdagan pa ang bilang ng mga nasawi dahil marami ang malubhang nasugatan.


Tinugis ng mga pulis at sundalo ang mga nagpoprotesta hanggang sa mga barungbarong ng mga manggagawang bukid sa loob ng plantasyon.

Aabot sa 200 katao ang ginghamot ngayon sa mga ospital ng lunsod. Bukod sa mga ito, may na-



## Depensiba sa Tarlac, naipihit tungong taktikal na tagumpay

**N**akapangibabaw ang mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Nelson Mesina Command (NMC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isang depensiba sa Sityo Umangan, Barangay Balite, Pura, Tarlac. Naganap ang naturang labanan mula gabi ng Oktubre 10 hanggang Oktubre 11. Ito'y sa kabilang ng isang laking-brigadang pwersa ng Philippine Army, Philippine Air Force at Philippine National Police



na nagkordon at sumuyod sa walong ektaryang tubuhang pinagkukublihan ng BHB. Hinulugan ng mga kaaway ng mga bomba mula sa helikopter, ginamitan ng mga tangke, masinggan at dalawang *sniffing dog* ang mga Pulang mandirigma subalit nalusutan pa rin sila ng mga ito.

Wala ni isang gerilyang namatay, nasugatan o nahuli sa malawakang operasyon. Sa kabilang banda, 14 ang namatay at marami ang nasugatan sa hanay ng reaksyunaryong kaaway.

Mahusay na nagamit ng mga gerilya ang may kaliitang tubuhan para makapagdepensa at makapagmaniobra. Sa unang bugso pa lamang ng putukan, nabuwal na ang tatlong tropa ng Scout Rangers. Dahil sa maagang pagbabsak ng moral ng kaaway, mabilis na naagaw ng BHB ang ini-syatiba sa labanan. Makaraan ang 30 minuto, tinamaan at napatay ang kumander ng umaasolt na Scout Rangers. Bunga nito, lalong bumagsak ang diwa at kakayahang lumaban ng militar.

Pagdating ng gabi, nakapagmaniobra sa pag-atras tungo sa baseng gerilya ang mga kasapi ng BHB. Nagamit nilang dagdag na kober ang malakas na buhos ng ulan upang makaalpas sa kordon ng kaaway. Sa kabilang banda, sumilong lamang ang mga bayarang tropa ng reaksyunaryong estado.

Labis namang ikinagalit ng mamamayan ng Pura at mga karatig-lugar ang sapilitang pagpapabakwit sa kanila ng militar at ang iligal na pagpasok at panghalughog ng mga sundalo at pulis sa kabahayan, pambomboma, paninira sa mga tubuhan at pagnanakaw ng pagkain.

iulat pang mga nawawala.

Umabot sa 111 welgista at tagasuporta nila ang inaresto at nakakulong sa Camp Macabulos, San Vicente, Tarlac. Kabilang dito ang dalawang menor de edad. Sila pa ang kinasuhan ng asolt, iligal na pagtitipon, sedisyon at panggugulo.

Malamang na madagdagan pa ang mga makukulong dahil hindi pa tapos ang operasyong militar, ayon sa Bayan Muna-Tarlac. Nagpapatuloy ang pagsosona ng mga militar sa mga barangay ng Mortico at La Paz kung saan kinakaladkad mula sa kanilang bahay ang mga lalaki at pinapalinya para arestuhin.

### Pagtuligsa ng mamamayan, paghuhugas-kamay ng rehimeng Arroyo

Mariing tinutuligsa ng mamamayan Pilipino ang Hacienda Luisita Massacre. Iba't ibang mga sektor ang nagpahayag ng kanilang nag-uumpaw na galit laban sa sabwatang Cojuangco-Arroyo.

Sa gitna ng pagdadalamhati, libu-libong mamamayan ang nagmartsa sa Tarlac. Sunud-sunod rin ang mga isinagawang demonstrasyon sa upisina ng mga Cojuangco sa Makati at sa bahay ni dating Pres. Corazon Cojuangco-Aquino, na kabilang sa mga may-ari ng asyenda.

Sa tangkang maghugas ng kanilang mga duguang kamay at pagaanin ang kanilang responsibilidad sa Masaker sa Hacienda Luisita, nagkokoro ngayon ang pamilyang Cojuangco, ang Malakanyang, Department of Labor at ang PNP at AFP. Sabay-sabay silang naghahabi ng mga kasinungalingan para palabasing armado ang mga demonstrador at sadyang may layuning magsimula ng kaguluhan. Malisyoso nilang pinalalaganap ang kasinungalingan na may mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na sumama sa demonstrasyon upang mang-upat sa mga manggagawa.

Pinalalabas nilang may masamang intensyon ang libu-libong demonstrador mula sa iba't ibang prubinsya na nagtungo roon sa Tarlac upang magbigay ng suporta sa welga ng mga manggagawa ng CAT.

Subalit mabibigo ang lahat ng pagtatangka nilang maghugas ng kamay. Sinlinaw ng sikat ng araw kung sino ang mga berdugong kumitil sa buhay ng mga manggagawa at kung sino ang nag-utos sa kanila.

Sisingilin sila't pagbabayarin ng sambaya-nang Pilipino. AB

(Halaw sa Himagsik, rebolusyonaryong pahayagan ng Central Luzon)

# Tuluy-tuloy na binibigyang-sigla ng kabataan ang Partido at rebolusyonaryong kilusan

**A**ng hanay ng kabataan ang di natutuyong balon ng Partido Komunista at ng rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino. Araw-araw ay may sumisibol na bagong mga aktibista at komunistang nakahandang mag-alay ng kanilang talino, panahon, pawis at dugo sa paglilingkod sa mamamayan.

Dahil sa walang tigil na pag-anib ng mga kabataan sa rebolusyonaryong kilusan, nakatitiyak

ang Partido Komunista na palagian itong mananating masigla, dinamiko, malakas at di kumukupas.

Kaya nagagalak at nakikiisa ang PKP sa nalalapit na pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng Kabataang Makabayan. Binibigyang-pansin sa isyung ito ng Ang Bayan ang mga tagumpay ng KM sa pag-oorganisa at pagpapakilos ng kabataang Pilipino sa landas ng armadong rebolusyon.

## 40 taon ng Kabataang Makabayan

**S**a darating na Nobyembre 30, ipagdiriwang ang ika-40 anibersaryo ng Kabataang Makabayan (KM). Ipagdiriwang ang okasyon sa gitna ng mga hamong labanan ang mga pahirap sa kabataan at mamamayan.

Ayon kay Kasamang Andres Guerrero II, tagapagsalita ng KM, "Napakahalagang tungkulin ng buong pamunuan at kasarian ng KM ang pagpapasingla at pagpapalawak ng pampolitikang edukasyon. Sa gitna ng krisis, higit na kailangang masapol ang sistemang umi-

ral at ang sagot sa krisis na ito."

Itinatag ang KM noong 1964 sa YMCA Auditorium sa Maynila bilang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga kabataan. Ang mga unang kasapi nito ay mga kabataang estudyante, manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod at propesyunal.

Matapos ang kongreso, itinatag ang maraming mga lokal na balangay ng KM sa iba't ibang eskwelahan sa Manila-Rizal, Central Luzon at Southern Luzon. Ang mga balangay na ito ay nagsilbing batayan

para sa estratehikong pagpapalawak at konsolidasyon ng KM sa kanayunan. Tumulong din ang mga kasapi ng KM sa pagbubuo ng mga militanteng unyon.

Sa panahon ng 1965-1966, inilunsad ang mga kampanya at aksyong masa laban sa imperyalismong US, sa rehimeng Marcos at sa mga pahirap nito sa mamamayan. Pumutok ang mga paglaban sa bulok na sistema ng edukasyon. Kumatlat sa buong bansa ang kilusang protesta ng mga estudyante noong 1968-69. Maraling mga organisasyon ang nakiisa sa KM sa pakikibaka para sa reforma sa eskwelahan. Kabilang ang mga kasapi ng KM sa mga unang nagboluntaryong sumapi sa BHB noong 1969 at nagpungagi sa pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Noong Enero hanggang Marso 1970, pinangunahan ng KM ang sunud-sunod at papalaking mga demonstrasyon. Ito ang Sigwa ng Unang Kwarto na nilahukan ng puu-puong liblong mga kabataan at ng kanilang mga progresibong organisasyon.

Matapos ipataw ang batas militar noong Setyembre 1972, binuwag ang legal na pamban-



sang istruktura ng KM. Sistematiskong itinalaga ang mga lider at kasapi nito sa kanayunan upang gumampan ng gawaing masa sa hanay ng magsasaka at maging mga Pulang mandirigma ng BHB. Marami sa mga aktibista ng KM ang tumulong at nanguna sa pag-sisimula ng mga larangang gerilya sa iba't ibang prubinsya sa buong bansa.

Sa pamamagitan ng lihim na pagkilos, nagpatuloy ang KM sa mga gawain sa pagorganisa at propaganda sa kalunsuran, lalo na sa Metro Manila. Noong 1977 muling binuo ang lihim na pambansang istruktura ng KM.

Noong dekada 1980, natangay ang KM sa agos ng paglihis ng buong rebolusyonaryong kilusan. Sa isang panig, nalulong ito sa repermismo; sa kabilang panig, nabatak ito sa mga insureksyunistang pagkilos. Noong ika-4 na kongreso ng KM, pinawi sa konstitusyon nito ang pagkilala sa pamumuno ng Partido Komunista. Humina ang organisasyon.

Nang ilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, mainit ang naging pagtugon dito ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante at ng KM. Inilunsad ang mga pag-aaral sa mga bata yang dokumento at mahigpit na tumalima sa panawagang magwasto. Muling lumawak ang kasapihan ng KM. Muling nakapagtalaga ang KM ng mga aktibista sa kanayunan at signipikanteng bilang ng mga cadre't organisador sa hanay ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Naitatataag na ang mga balangay ng KM sa mga eskwelahan at komunidad. Nasa pusisyon ito ngayon para ibayong magpalakas at magpalawak ng organisasyon.

AB

## Mga aral at tagumpay sa pagbubuo ng mga balangay ng Kabataang Makabayan



**I**sa sa mga tampok na tagumpay sa pagsisikap ng Partido na palakasin ang Kabataang Makabayan at ibayong pasiglahin ang rebolusyonaryong kilusang lihim sa hanay ng mga kabataan sa kalunsuran ang pagkakabuo at pagpapalakas ng mga balangay nito sa Metro Manila. Malaki ang kabuluhan nito laluna sa harap ng malupit na pagpapahirap ng

*Sundan sa "Mga aral..." sa pahina 7*

**S**a pamamagitan ng isang gabi ng mga pangkulturang pagtatanghal, formal na binuksan ang isang buwang pagdiriwang sa ika-40 taon ng KM.

Sa pagbubukas na ito, inilahad ang mga partikular na tungkulin ng KM at ang mga proyektong bahagi ng pagdiriwang katalad ng *red letter campaign* (pamamahagi ng mga post card na

naghiihikayat sa mga kasapi at iba pang kabataan na sumampa sa Pulang hukbo) at *red box campaign* (pangangalap ng bala, damit, gamot at iba pang materyal na suporta para sa BHB).

Nagkaroon din ng parehong mga pagbubukas sa iba't ibang erya. Sa mga pagtitipong ito, isnagawa ang *film showing* ng rebolusyonaryo at progresibong

mga dokumentaryo at pelikula, palitan ng mga karanasan, talakayang-buhay ng mga kasapi ng balangay at mga pangkulturang pagtatanghal.

Sa diwa ng pagdiriwang sa aniversario, nagsagawa ng operasyon-pinta ang mga kasapi ng KM sa mga pangunahing kalye sa Metro Manila noong Oktubre.

AB

rehimeng US-Arroyo sa mga kabataan at sa pangangailangan puspusan itong labanan.

Mula 2003 ay nagpunyagi ang Partido sa ibayong pagsisinsin ng gawaing pag-oorganisa sa hanay ng kabataan at paglalatag ng organisasyon sa mga paaralan at kalapit na mga komunidad. Pagwawasto ito sa nakaraang tahasang pagbitaw sa tungkuling buuin ang mga organisasyong lihim sa hanay ng kabataan. Lumiiit ang balon ng mga aktibistang maaaring maretur sa Partido o makatuwang nito sa paggampan ng mga rebolusyonaryong gawain.

Puspusang nagbalik-aryl ang mga cadre ng Partido na nangangasiwa sa sektor ng kabataan sa mga nakaraang paglalagom sa rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante. Muli nilang pinag-aran ang "Mahigpit Nating mga Tungkulin" at humalaw ng mga aral sa karanasan ng Partido sa pag-oorganisa ng mga manggagawa. Mula rito ay nagbalangkas sila ng isang gabay para sa hakbang-hakbang na pag-oorganisa ng KM sa hanay ng mga estudyante at kabataan sa komunidad.



### **Ang pagkakabuo ng KM-AB**

Ang Balangay Andres Bonifacio ng KM (KM-AB) ay kasalukuyang binubuo ng ilandaang kasapi. Saklaw nito ang dalawang balangay sa antas kolehiyo at dalawa sa komunidad. Kumikilos ito sa isang pam-publikong unibersidad at ilampung komunidad ng maralitang lunsod.

Naabot ng KM-AB ang mga tagumpay na ito sa loob ng dalawang taon ng pagkilos. Sa pangkalahanan, salik sa naturang mga tagumpay ang sumusunod: 1) mahigpit na pagkakaisa sa pangangailangan, oryentasyon at mga tungkulin ng balangay ng KM; 2) kolektibong pagsubaybay at masusing pagtataso sa hakbang-hakbang na pagtatayo at pagpapagana ng mga balangay; at 3) puspusan at malikhaling pagpapatupad ng mga gawain at tungkulin sa bawat antas.

Muling pinagtunuan ng pansin ang pagbubuo ng balangay ng KM sa unibersidad noong Abril 2003 mula sa lambat ng mga lihim na selula na siyang binuo doon matapos iwanan ang pag-oorganisa ng KM noong 1997. Matapos ang ilang buwan, naitayo ang dalawang balangay sa antas kolehiyo. Nagtasa, nag-aryl, naghalal ng mga upisyal at nagplano ang mga ito. Sa sumunod na mga buwan, kumalat na parang apoy ang diwa ng organisasyon at naitayo ang dagdag na lima pang balangay sa iba pang mga kolehiyo at kalaip na komunidad. Nakatulong din ang mga kasapi ng KM sa pagtatayo ng mga balangay ng MAKIBAKA, rebolusyonaryong organisasyon ng kababaihan, at KASAMA (Katipunan ng mga Samahang Manggagawa).

Tuluy-tuloy na ipinatupad ang mga tungkulin sa edukasyon at kolektibong hinarap at nilutas ang mga lumitaw na usapin at mga suliranin. Sa loob lamang ng ilang buwan, may ilan nang kasapi nito ang nagpasyang

sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Susundan ito ng maraming iba pa sa mga susunod na panahon.

Nagtasa at nagbuo ito ng mga resolusyon matapos ang isang taon. Kabilang sa mga resolusyon ang pagkakaisa sa mga termino (pagtawag ng mga grupong pang-organisa ng KM tungo sa Kolektiba ng KM [KKM] alinsunod sa "Mahigpit nating Tungkulin"), pagbubuo ng mga KKM bilang rebolusyonaryong bag-as sa mga hayag na organisasyong masa, pagbubuo ng mga balangay sa bawat kolehiyo at pag-aayos ng pakat ng mga kasapi nito at pagsasaayos ng mga gawain sa maralitang komunidad kasabay ng pagpapatupad ng mga gawain sa loob ng unibersidad. Sa loob lamang ng unang anim na buwan ng 2004, nalampasan na nito ang inabot na tantos ng paglawak sa buong 2003.

Bilang isa sa mga balangay na nakapag-organisa sa komunidad, masusing pinag-aran ang mga pamamaraan at estilo ng gawain dito. Itinayo nito ang mga hayag na organisasyong masa, naglunsad ng mga pakikibakang masa at aksyong protesta at nasaksihan nito ang mabilis na paglawak ng organisasyon. Nitong Nobyembre 2004, ipinagdiwang ng KM-AB ang pagtatayo ng isa pang balangay sa isang mayor na komunidad sa saklaw nito.

### **KM sa komunidad**

Isa pang balangay ng KM na nakabase rin sa unibersidad ang nagtagumpay sa pagtatayo ng balangay sa isang malaking komunidad ng maralitang lunsod sa Metro Manila. Sa naturang komunidad, kabilang ang kabataan sa mga pamilyang manggagawa, mala-manggagawa at magsasakang napalayas sa kanayunan noong mga dekada 1970 at 1980. Dahil sa taas ng mga bayarin sa eskwelahan, karamihan sa kabataang ito ay hindi na naka-

pag-arat. Marami sa kanila ang na-sasangkot sa mga gawing antisosyal tulad ng pagtutulak at paggamit ng ipinagbabawal na gamot, pagnanakaw, prostitusyon, pagsapi sa mga gang at iba pa.

Mabilis na nakaugnay ang mga aktibista ng KM sa kabataan sa komunidad sa pamamagitan ng pag-ugnay sa kanilang mga gang at iba pang organisasyon. Sa pag-ugnay nila, pinatampok ng mga aktibista sa pakikipagtalakayan ang maiinit na isyung malapit sa mga kabataan at mamayan, kabilang ang isyu ng kawalan ng edukasyon, pagtaas ng presyo ng langis at dis empleyo.

Nagbuo sila ng isang ligal na organisasyon. Subalit hindi naging madali ang proseso ng pagkokonsolida sa mga kasapi. Pangunahing hamon ang pagtalikod sa mga gawing antisosyal. Mahabang panahon ang ginugol sa anti-unting pagbabago sa pananaw at gawi ng mga kasapi.

Ang iba pang kabataang nasa proseso ng pagpapanibagong-hubog ay nagpahayag ng suporta sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mga abanteng kasapi na nagpunyaging makapagpanibagong-hubog ay narekrut sa KM.

Dahil sa rebolusyonaryong kasisigasan ng KM, nagawang lumayo ng kabataan sa mga gawing an-

tisosyal. Sa batayan ng mga pagkakaisa sa mga demokratikong hangarin ng kabataan at mamayan, ang dating magkakaaway na gang ay napakikilos sa iisang landas.

Sa ngayon, mayroon itong mabitig 300 aktibong kasapi. Dumarami rin ang mga kasaping handang tumungo sa kanayunan at tuluyang kumilos sa BHB. Ang iba naman ay puspusang sinasanay na mamuno sa gawain ng pag-oorganisa ng KM sa loob at labas ng kanilang mga komunidad.

### KM at KASAMA

Bunga ng pagpupunyagi sa mga rebolusyonaryong tungkulin, nakatutulong ang KM sa pagtatayo ng mga balangay ng iba pang lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa. Isang magandang bunga nito ang pagtatayo ng isang balangay ng KASAMA sa isang komunidad. Mula 2001, kumilos ang ilang kasapi ng KM, pangunahan mula sa mga eskwelahan sa partikular na komunidad na ito. Naitayo ang mga kolektibo ng KM sa iba't ibang organisasyon at naitatag ang balangay ng KM sa lugar. Di naglaon, naging gawain ng KM ang pagbubuo ng KASAMA sa komunidad.

Saklaw ng eryang kinikilusan

ng KM ang 500 manininda (200 na nasa loob ng ipinatayong palengke kung saan mahal ang upa sa pwesto at 300 sidewalk vendor). Karamihan sa kanila'y mga maralitang kulang na kulang ang kita sa pagtindita.

Hunyo 2004 nang umpisahan ng KM ang pagrerekluta ng mga kasapi ng KASAMA sa hanay ng mga manininda. Dahil sa pagsulong ng lokal na kampanya laban sa walang-habas na mga panghuhuli ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), napukaw at napataas ang militansya ng mga manininda. Naging madali ang pagrekluta ng mga kasapi ng KASAMA mula sa mga maninindang may mataas na kamulatan.

Upang mapatataag ang lihim na organisasyon, tinitiyak ng KM ang masiglang mga pag-aaral sa hanay ng KASAMA. Iniisa-isa nila ang mga pwesto ng mga manininda upang puspusan silang makapag-paliwanag tungkol sa mga isyu at makapagtanong tungkol sa mga problema ng masa at kanilang mga pananaw. Naging pleksible sila sa pagtatakda ng oras ng pag-aaral, mga konsultasyon at pulong.

Dahil mabigat ang trabaho ng mga manininda, may kahirapang makapaghanap ng sapat na panahon upang magdaos ng mahabaang mga pag-aaral. Pinangingibabawan nila ito sa pamamagitan ng pagputol ng mahahabang pag-aaral sa mas maiiksing kurso. Sa pamamagitan nito, ang mga kasapi ng KASAMA sa komunidad na ito ay nakapagtapos ng pag-aaral sa MKLRP.

Ang mga manininda naman ay nagbibigay ng suporta sa iba't ibang paraan sa balangay ng KM. Halimbawa, naging kalakaran na sa mga manininda ang pagbibigay sa mga kasapi ng KM ng mga gulay, isda at karne mula sa kanilang paninda, bilang suporta sa mga rebolusyonaryong aktibista sa paggampan ng kanilang mga tungkulin. AB



# Bukas na liham ni Ka Roger sa mga sundalo at pulis, pinalalaganap

Muling naglabas ng bukas na liham sa mga karaniwang sundalo at pulis at naka-bababang upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) nitong Nobyembre 13 si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Inilabas ang liham na ito sa harap ng malawak na disgusto ng mga karaniwang sundalo bunsod ng mga iskandalo ng korapsyon kinasa-sangkutan ng matataas na heneral AFP.

Kalakip ng liham ni Ka Roger



ang "Sampung Punto ng Pagkilos ng mga Armadong Tauhan ng Reaksyunaryong Estado para sa Pagsusulong ng Sariling Kagalingan at Kapakanan ng Sambayanan." Ang panawagan sa pagkilos na ito ay nagsisilbi ring gabay sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kanilang pagkilos sa hanay ng reaksyunaryong militar at pulisia.

Sa kanyang liham, inilinaw ni Ka Roger na korapsyon ang "pinakamalaking dahilan sa likod ng maraming mga pahirap at pang-aapi na dinaranas" ng karaniwang mga sundalo at pulis. Inihahalimbawa niya ang

mga naaantlang sahog, mga kinaltas na benepisyos, kawalan ng maayos na pambahay, kulang at mababang uri ng kagamitan, *expired* na mga gamot na iniineksyon at ipinapainom sa mga sugatan at maysakit na sundalo at ibinubulsang pondo para sa pensyon na ilan lamang sa mga bunga ng korapsyon.

Nanindigan si Ka Roger laban sa sinasabi ng ilang upisyal na ang kasalukuyang iskandalo sa korapsyon ay magreresulta sa paglilinis ng kalawang ng AFP. Aniya, hindi ito pwedeng mangyari dahil "ang kalawang ay nasa pinakaubod ng militar....at dahil ang korapsyon ng militar ay bahagi ng sagad-sa-butong bulok na sistema na kanilang

*Sundan sa "Bukas...," sa pahina 10*

## 10 punto ng pagkilos ng mga armadong tauhan ng reaksyunaryong estado

**1** Magbuo ng mga lihim at ligal na grupo sa loob ng AFP at PNP. Magbuklud-buklod batay sa magkakatulad na hinaing laban sa pang-aapi ng matataas na mga heneral ng militar at pulisia.

**2** Kumilos at ipaglaban ang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mga karaniwang sundalo at pulis kabilang ang karampatang sahog, pensyon, mahusay na serbisyon pangkalusugan, pambahay at iba pa. Ilantad at labanan ang korapsyon.

**3** Palalimin ang pag-unawa sa kalagayan ng AFP at buong organisasyon militar. Pag-aranlan ang kasaysayan ng AFP bilang isang instrumentong inorganisa ng imperyalistong US upang supilin ang paglaban ng mamamayan Pilipino.

**4** Makipagkaisa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Suportahan ang mga pakikibaka ng bayan laban sa korapsyon, militarismo at dayuhang panghihimasok.

**5** Pag-aranlan ang pambansa-demokratikong rebo-lusyonaryong programa ng National Democratic

Front of the Philippines at programa ng Partido Komunista ng Pilipinas.

**6** Suwayin ang mga iligal at anti-mamamayanang utes ng inyong mga nakatataas na upisyal. Mangahas na ilantad at labanan ang mga paglabag sa karapatang-tao.

**7** Sagkaan ang mga operasyon militar laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa. Labanan ang bulag na pagpapasugod sa inyo sa digmaan.

**8** Umalis sa reaksyunaryong militar at mamuhay bilang karaniwang sibilyan.

**9** Lihim na makipag-ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Isulong ang Kilusang Lt. Crispin Tagamolila sa loob ng AFP at PNP.

**10** Umanib sa rebolusyonaryong kilusan. Ang inyong mga suliranin, sa katuus-tusa'y nakaugnay sa mga suliranin ng sambayanan Pilipino at mapagpasyang malulutas lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagbabago.

AB

*Mga tagumpay ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa China ng 1949-1976*

# Sagot sa krisis pang-ekonomyya: Rebolusyon at sosyalistang konstruksyon

(Ikalawang bahagi)

**I**lahad natin ngayon dito ang ilang aspeto ng ekomya at lipunang Tsino noong 1949 hanggang 1976 na nagpapatampok ng mga malaking pagsulong nito sa ilalim ng bandila ng sosyalismo noong 1949 hanggang 1976. Matingkad na ipinakikita ng mga ito ang mga tagumpay na nakamit sa iba't ibang larangan matapos wakasan ang atrasadong malakolonyal at malapyudal na sistema.

**Transportasyon.** Atrasado ang sistema ng transportasyon at komunikasyon sa malakolonyal at


malapyudal na China. Kulang na kulang ang mga riles at mga kalsada upang maabot ang iba't ibang sulok ng napakalawak na bansa. Pagsapit ng 1949, mahigit kalahati ng mga riles at kalsada ay hindi halos magamit dahil sa pagkasira. Napakalimitado rin ng sistema ng transportasyon sa mga ilog at dagat. Halos walang sistema ng transportasyon sa himpapawid. Maging ang ilang malalaking syudad ay walang mga paliparan.

Sa pagtatatag ng demokratikong gubyernong bayan, mabilis

na kinumpuni ng mamamayang Tsino ang mga riles. Pagsapit ng 1973, ang kabuuang haba ng mga riles ay ilang ulit na mas malaki kumpara sa iniwan ng mga reaksyaryo noong 1949. Ang mga ito'y lumagos sa daan-daang matataas na bundok at tumawid sa malalawak na ilog. Pinagdugtong nito ang mga prubinsya at rehiyong dating hindi magkakaugnay. Kabilang dito ang paglalatag ng mga riles na nagdugtong sa hilagang-kanluran at timog-kanlurang China sa iba pang mga sentro ng bansa.

Hanggang 1949, wala ni isang tulay na tumatawid sa Yangzi River, isang 5,800 kilometrong ilog na halos humahati sa buong China mula sa mga bundok sa timog-kanluran hanggang sa timog-silangan. Pagsapit ng 1973, ang Yangzi ay tinatawid na ng apat na malalaking tulay. Nakapagtayo naman ng 10 riles at mahigit 20 tulay sa Yellow River na dati ay tinatawid lamang ng dalawang riles.

Lalong malaking tagumpay ang natamo sa paglalatag ng mga haywey. Sa katapusan ng 1973, ang kabuuang haba ng mga kalsada ay



Tulay ng Yangzi River

Sundan sa "Sagot...," sa pahina 11

## "Bukas...," mula sa pahina 9

ipinagtatanggol at pinaghaharian ng malalaking burukrata kapitalista na mangungurakot at mandarambong."

Subalit, wika ni Ka Roger, kahit bahagi ang karaniwang mga sundalo at pulis ng makinaryang pangunahing nagtatanggol sa naghaharing bulok at mapang-aping sis-

tema, sila man ay inaapi at pinahirapan nito.

Makatarungan, ani Ka Roger, ang paglulunsad ng aksyon ng mga sundalo at pulis para igiit ang kanilang mga demokratikong kahilingan. Subalit pinalalahanan niya sila na anumang anyo ng pagpapahayag ng mga hinaing ay malupit na sinusupil sa loob ng militar at pulisia. Pinayuhan niya silang ma-

ging malikhain sa paglulunsad ng protesta. Hinikayat din niya silang makipag-ugnayan at makipagtuluhan sa mga reboleusyonaryong pwersa sa kani-kanilang lokalidad o kahit mula sa loob ng kanilang mga kampo upang isulong ang kanilang interes sa loob ng AFP at PNP at tumulong sa pagsusulong ng interes ng mamamayang Pilipino.

AB

siyam na ulit na mas malaki kumpara noong bago magtagumpay ang rebolusyon noong 1949. Ang mga haywey ay umabot sa Ching-hai-Tibetan Plateau, kabilang sa pinakamatataas na lugar sa buong mundo. Aabot sa 2,000 kilometro ang Szechuan-Tibetan Highway na tumawid sa 14 na bundok, sampusung malalaking ilog at pumaikotikot sa mga dalisdis at bangin. Dahil sa paglalatag ng mga haywey na ito, lalong naging mahigpit ang ugnayan sa mamamayan ng Tibet at iba pang mga nasyunalidad sa iba't ibang bahagi ng China.

Mula 1949, ilang ulit na dumami ang mga tipo ng eroplano na ginamit sa China. Nakapagtatag ng paliparan maging sa Tibetan Plateau at nagkaroon ng regular na byahe patungo roon. Ang byahe ng "domestic flights" noong 1973 ay dumami nang anim na ulit kumpara noong mga unang taon pagkatapos ng tagumpay.

Mula sa wala, sinimulan ng mamamayang Tsino ang pagbubuo ng mga tren. Noong dekada 1960, marnihian na ang produksyon ng malalaking tren at mga modernong bagon na pampasahero at pangkar-gada. Sinimulan din ang paggawa ng malalaking barko katulad ng 10,000-toneladang barkong-pandagat na binuo noong 1959. Pagsapit ng 1957, mula sa wala, nagsimula ang China na gumawa ng maliliit at katamtamang-laking eroplano.

Ang pag-unlad ng modernong transportasyon sa China ay kaakibat ng pag-unlad ng produksyon sa industriya at agrikultura. Lumaki ang pangangailangan para sa pagbibayahe ng mga produkto. Gayundin, kaakibat ng pag-unlad ng kabuhayan ng mamamayan, lumaki nang ilang ulit ang bilang ng mga pasahero.

**Pinansya.** Katulad ng kasalukuyang bangkaroteng gubyerno sa Pi-

### **Matatag ang presyo sa sosyalistang China (yuan kada kilo)**

	<b>1965</b>	<b>1974</b>
<i>Karneng baboy</i>	2.00	1.80
<i>Karneng baka</i>	1.50	1.50
<i>Manok</i>	2.00	2.00
<i>Isda</i>	0.86	0.80
<i>Itlog</i>	2.08	1.80
<i>Repolyo</i>	0.058	0.05
<i>Patatas</i>	0.24	0.20

lipinas, ang reaksyunaryong gubyernong Kuomintang ay palagian noong kapos sa pondo. Ang pinansya nito ay nakasalalay sa pagbubuwis sa mamamayan, walang tigil na pamamalimos sa imperyalismo at paglilimbag ng pera. Walang awat ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pagbulusok ng halaga ng salapi.

Pagkatatag ng gubyernong bayan, kaagad nitong ibinasura ang mabibigat na buwis at kung anuanong mga singilin na nagpahirap sa mamamayan. Winakasan ang imberyalistang pampinansyang kontrol, pinanghawakan ang mga burukrata-kapitalistang institusyon pampinansya at ipinailalim sa sosyalistang pagpaplano ang mga pribadong bangko. Naglabas ng bagong salapi at nagtayo ng bagong sosyalistang sistemang pampinansya.

Itinaguyod ang prinsipyong "paunlarin ang ekonyoma at tiyakin ang suplay." Kaakibat ng mabilis na pag-unlad ng produksyon, tuluy-tuloy na nakapag-ipon ng pondo ang China mula sa mga sosyalistang empresa. Sa pamamagitan ng sentral na pagpaplano ng ekonyoma, nabalanse ang pondo ng estado at nakapag-ipon pa ng surplas.

Ang mga bono na inisyu ng gubyerno simula 1950 upang makapag-ipon ng kinakailangang inisyal na pondo ay nabayarang lahat pag-sapit ng 1968. Ang mga pautang mula sa Soviet Union ay nabayarang lahat pagsapit ng 1965. Pag-

sapit ng 1973, ang China ay isa nang bansang walang utang.

Matatag ang halaga ng salapi. Sa loob ng dalawang dekada, ang halaga ng mga saligang pangangailangan ng mamamayan ay nanating istable (*tingnan ang talahanayan sa itaas*). Dahil sa pag-unlad ng suplay, ang halaga ng mga produktong minamanupaktura tulad ng mga pataba, makinarya, gamot at iba pa ay unti-unting bumaba.

Sa ilalim ng sosyalistang China, walang ipinataw na "income tax" o indibidwal na buwis sa mga manggagawa. Ang pondo ng estado ay nagmula sa mga sosyalistang empresang nasa kontrol ng estado. Ang alokasyon ng pondo ng estado ay isinagawa alinsunod sa layuning ipatupad ang mabilis na sosyalistang konstruksyon. Kabilang dito ang pagtiyak ng malaking pondo para sa mga proyektong patubig at mekanisasyon ng agrikultura. May pondong pansuporta rin sa mga nagigipit na komunang bayan o brigadang pamproduksyon.

Kasabay nito, naglaan ang estado ng pondo para sa edukasyon, kalusugang pampubliko, agham at kultura. May inilaan ding pondo para sa seguro (*insurance*) at kagalingan ng mga manggagawa at upang paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan. Naglaan din ang estado ng pondo para sa mga lugar ng minoryang mamamayan upang harapin ang mga espesyal na pangangailangan sa mga lugar na ito. AB



## 10 tropa ng kaaway, napatay sa pakikipagsagupaan sa BHB ngayong Nobyembre

SAMPUNG tropa ng kaaway ang napatay sa anim na magkakahiwaya lay na armadong aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang dako ng kapuluan mula Nobyembre 10-14. Apat na sundalo naman ang nasugatan sa mga labanang.

Sa Davao Oriental, tatlong elemento ng PNP 1105th Provincial Mobile Group ang namatay sa reyd ng mga Pulang mandirigma sa detatsment nito sa Barangay Baculin, Baganga noong Nobyembre 13. Ang mga pulis ay kabilang sa lima-kataong tim na nagpapatrulya malapit sa detatsment nang ilunsad ang reyd. Dalawang M16 ang nasamsam mula sa reyd.

Sa Davao del Norte, dalawang sundalo ng Philippine Army ang napatay at isa ang nasugatan nang tambangan ng BHB ang kanilang yunit sa bayan ng Talaingod noong Nobyembre 14.

Sa Zambales, dalawang pulis na kabilang sa nag-ooperasyong mga elemento ng PNP Special Action Force ang napatay nang isnaypin sila ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Pangolingen, Palauig noong Nobyembre 13.

Sa Kalinga, isang sundalo ng Charlie Company ng 21st IB ang napatay at isa ang nasugatan sa ambus ng BHB sa Barangay Gamalan, Gawaan noong Nobyembre 13.

Sa Abra, dalawang sundalo ang napatay nang tambangan ng isang iskwad ng BHB ang lakas-platung pwersa ng 41st IB at yunit komando ng Philippine Army sa Barangay Nagaparan, Danglas noong Nobyembre 12. Planong ambisin ng mga sundalo ang yunit ng BHB subalit naunahan sila ng mga gerilya.

Bago ito, tatlong sundalo mula sa 4th Scout Ranger Coy ang nasugatan nang makalaban nila ang mga gerilya ng Pulang Bagani Command sa Sityo Tagbon, Barangay Candiis, Laac, Compostela Valley noong Nobyembre 10. Kabilang sa mga sugatan si Capt. Lito Maramba, punong upisyal ng nag-ooperasyong yunit ng kaaway.



## Central Luzon pinaralisa ng tigil-pasada

PARALISADO ang transportasyon sa apat na prubinsya at limang lunsod sa Central Luzon nang matagumpay na ilunsad ng 110,000 drayber ng dyip at traysikel sa pamumuno ng Pinag-isang Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) ang isang tigil-pasada nitong Nobyembre 8 para ijiit ang pagbabasura sa Oil Deregulation Law.

Hindi bumyahe ang 90% ng mga dyip at traysikel sa Pampanga, laluna sa Angeles City at City of San Fernando. Samantala, 98% namang paralisado ang transportasyon sa San Jose City sa Nueva Ecija at San Ildefonso at Malolos sa Bulacan. Sa Tarlac City at 17 bayan ng Tarlac, 90% ng 2,000 dyip at minibus ang hindi pumasada.

## Pangalawang asembliya ng ILPS, idinaos

MATAGUMPAY na nailunsad ng International League of Peoples Struggle (ILPS) ang pangalawang internasyunal na asembliya nito mula Nobyembre 11 hanggang 13 sa Eindhoven, The Netherlands. Dinaluhan ito ng 240 delegadong kumakatawan sa 136 organisasyon mula sa 33 bansa.

Nagkaroon ng mga buhay at bukas na mga diskusyon at debate kaugnay sa ilalabas na Pangkalahatang Deklarasyon ng asembliya. Naipasa nang walang tutol ang deklarasyon at sang-ayon ang lahat na naabot ang mas mataas na pagkakaisa sa pamamagitan ng debate.

## Arafat, pinarangalan ng PKP

NAGPAHAYAG ng pakikidalamhati ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mamamayang Palestino sa pagyao ni Yasser Arafat, tagapangulo ng Palestinian Liberation Organization (PLO) at presidente ng Palestine.

Ani Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, apat na dekadang nagpunyagi si Arafat para pagkaisahin ang mamamayang Palestino sa ilalim ng PLO, lumahok sa kanilang digmang gerilya, katawanin at ipagtanggol ang adhikain ng mga Palestino sa larangan ng pandaigdigang diplomasya at magsilbing simbolo at inspirasyon ng militanteng pakikibaka ng mamamayang Palestino para lumaya mula sa pananakop at pang-aapi ng US at Israel.

Sa pagpapatindi ng kanilang pakikibaka, patuloy ni Ka Roger, hahalaw ng inspirasyon ang mamamayang Palestino kay Arafat at sa alaala ng libu-libong martir na Palestino na magiting na nakipaglaban para makamit ang pangarap nilang mapalaya ang kanilang bansa.

Si Arafat ay namatay noong Nobyembre 11 sa isang ospital sa Paris, France sa edad na 75 anyos.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 21

Nobyembre 7, 2004

www.philippinerevolution.org


Editoryal

# Ituon ang makauring galit sa rebolusyonaryong pagbabagsak sa mga nagsasamantalang uri at buong naghaharing sistema

**I**lang dekada nang nakatanim ang poot sa dibdib ng mga manggagawa, magsasaka at manggagawang bukid sa Hacienda Luisita at Central Azucarera de Tarlac. Bunga ito ng ilang dekada na nilang

dinaranas na kaapihan at pagsasamantala sa kamay ng malaking panginoong maylupa at burges kumprador na angkang Cojuangco.

Masidhing makauring galit ang sumasaklot sa kalooban ng mga biktima ng malagrim na masaker sa Hacienda Luisita. Abot-langit ang kanilang pagsigaw ng katarungan sa walang awang pamamaril ng mga pasistang tropa sa welga at demonstrasyon ng mga manggagawa at manggagawang bukid sa Central Azucarera de Tarlac at pagmasaker sa aabot sa 14 na magsasaka at manggagawang bukid



**Mga tampok sa  
isyung ito...**

**Sigaw sa Hacienda  
Luisita**

PAHINA 3

**Para sa ika-40  
anibersaryo ng KM**

PAHINA 5-8

**Bukas na liham ni Ka  
Roger sa mga sundalo  
at pulis**

PAHINA 9

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)